Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro 2022

Tungkol sa Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro

Ang Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro ay isang sistemang naglalayong pataasin ang pangkalahatang kalidad ng edukasyon at antas ng kasiyahan, sa pamamagitan ng pagsusuri ng kadalubhasaan ng mga gawaing pang-edukasyon ng isang guro at paghahandog sa mga guro ng pagkakataon para sa sariling pagtatasa at pagpapahusay batay sa mga resulta.

- Pampanguluhang Kautusan Blg. 31359 (Enero 5, 2021) "Mga Tuntunin sa Pagsasanay ng mga Guro" Artikulo 18-23
- Ordinansa Blg. 320 ng Kagawarang-bansa ng Edukasyon (Enero 1, 2020) "Ordinansa para sa Pagpapatupad ng Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro"

Sino ang dapat kumumpleto ng Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro?

- Palatanungan sa Kasiyahan ng mga Mag-aaral: Mga mag-aaral sa ika-4 na baitang ng Mababang Paaralan – Mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng Mataas na Paaralan
- Palatanungan sa Kasiyahan ng mga Magulang: Mga mag-aaral sa unang baitang ng Mababang Paaralan – Mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng Mataas na Paaralan

  ※ Hindi makakalahok ang mga mag-aaral na nagmamatrikula sa loob ng mas mababa sa dalawang buwan at kanilang mga magulang.

Paano kumpletuhin ang Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro

	2022
Paano lumahok	PC + mobile phones
Mga sakop ng pagtataya	Pagtataya ng gurong napili mo
Pagpapakilala sa guro	Mga gawaing pang-edukasyong ipinakilala sa iba't ibang paraan (Mga materyales kaugnay ng malayong pag-aaral, atbp.)

- Nilalaman ng pagtataya: Kabuuan ng mga gawaing pang-edukasyon ng guro
- Panahon ng pagtataya: Setyembre-Nobyembre 2022 (※ **Dedeterminahin ang panahon ng pagtataya para sa isang paaralan sa loob ng panahong ito.**)
- Komposisyon ng palatanungan: Binubuo ang mga tanong ng palatanungan ng mga tanong mula sa 5-point checklist at mga naglalarawang tanong (Mga naglalarawang tanong lamang ang para sa mga mag-aaral ng mababang paaralan.)

  ※ Ipinagbabawal ang mga hindi naaakmang sagot at hindi ibabahagi sa mga guro ang mga masagwang katawagan sa mga naglalarawang tanong, upang maiwasan ang paglabag sa mga karapatan ng mga guro.



Ginagamit ang Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro sa mga sumusunod na paraan.

- Mga paaralan: Ginagamit ito upang mahasa ang mga kasanayan ng mga guro at bilang sanggunian sa susunod na pampaaralang taon.
- Mga guro: Ginagamit ito upang suriin ang mga gawaing pang-edukasyon ng mga guro at mapahusay ang kanilang kadalubhasaan.
- Publiko: Pinapaskil ang mga palatanungan at mga resulta sa balitang paaralan (Abril 2023).

Mapapabuti ang Kalidad ng Edukasyon ng Paaralan at Antas ng Kasiyahan sa Pamamagitan ng Paglahok ng mga Mag-aaral at mga Magulang

경기도교육청
GYEONGGIDO OFFICE OF EDUCATION

Paano Lumahok sa Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro 2022

PC	Mobile Phone	Mga Tagubilin
		1 Pumunta sa www.eduro.go.kr, at saka i-click ang pindutang **[Lumahok]** para sa Palatanungan sa Kasiyahan ng mga Mag-aaral o mga Magulang 2 I-click ang pindutang **[Tanggapan ng Edukasyon ng Gyeonggido]** o I-scan ang palahudyatang QR sa itaas para sa mabilis na access! 3 I-click ang pindutang **[Lumahok]** ng Palatanungan sa Kasiyahan ng mga Magulang ※ Hindi na isinama ang ilang screenshots, dahil magkatulad ang mga tabing ng PC at mobile phone.
		1 Piliin ang **bilang ng iyong mga anak** na nagmamatrikula sa paaralan 2 Piliin ang **paaralan** kung saan nagmamatrikula ang iyong anak 3 Ipasok ang **numero ng pagpapatunay ng magulang** na inisyu ng paaralan ※ Kapag nakumpirma ang iyong numero, magbabago ang Istado ng Kumpirmasyon ng Bata mula "Hindi pa nakumpirma" tungo "Kumpirma" 4 I-click ang pindutang **[Tingnan ang Impormasyon ng Bata]**
		1 Siyasatin ang **pabatid** ng paaralan. 2 Siyasatin ang "Pagpapakilala sa Pagtatasa ng Propesyonal na Pag-unlad ng mga Guro." 3 Piliin ang **guro**, at saka kumpletuhin ang palatanungan.

Kaapg Lumalahok sa Palatanungan sa Kasiyahan ng mga Magulang

- Dapat mong sagutan ang lahat ng mga tanong ng palatanungan upang maitago at maisumite ang iyong mga sagot. Hindi na mapapalitan ang mga sagot pagkatapos maitago at maisumite ang mga ito.
- Hindi isasama ang mga tanong sa checklist na sinagutan ng "Hindi sigurado" sa mga istatistika ng mga resulta ng palatanungan.